
GRADE 2

# Leveled Reader
## in Filipino

# Isang Kakaibang Araw




Kuwento nina Ani Rosa Almario at Yvette Tan
Guhit ni Hannah Manaligod




"Tay, pwede ba akong sumama sa pasada ninyo?" tanong ko kay Tatay. "Sabado naman ngayon e."
Sandaling nag-isip si Tatay bago niya sinabing, "Sige ba, anak!"





At doon nagsimula ang isang kakaibang araw para sa akin.

Drayber kasi ng jeepney ang tatay ko. At ngayong araw ay kasama niya akong pumasada!




Iba't ibang tao ang sumasakay sa jeepney ni Tatay. May mga estudyanteng papasok ng eskuwela. May aleng mamamalengke. May nanay na may kasamang anak. Pero may isang taong sumakay na bukod-tangi.



Ang suot niya'y makulay at maluwang na kamiseta at pantalon. Napakalaki ng sapatos niyang pula! Pula rin ang ilong niya. Puting-puti ang mukha niya at kulay asul ang kulot niyang buhok.



Hindi ko mapigilang tingnan ang kakaibang taong ito sa salamin. Tinititigan din siya ng katabi niya. Ngumiti siya sa mga kasakay niya sabay-labas ng limang bola mula sa kaniyang bulsa. Isa-isa niyang itinapon ang mga bola pataas at sinalo. Paulit-ulit niya itong ginawa. Napapalakpak kaming lahat!



Pagliko namin sa isang kanto, may inilabas naman siya sa isa pa niyang bulsa. Umihip siya ng isang mahabang lobo.

Pagkatapos, ipinilipit niya ang lobo para maging korteng aso ito. Nagpalakpakan uli ang mga pasahero ni Tatay.



Nang malapit na kami sa plasa, may inilabas naman siyang bulaklak. Inamoy niya ito at sumenyas sa mga kapuwa pasahero para amuyin din nila ang hawak niyang bulaklak.




Inamoy nga ng aleng katabi niya ang bulaklak. Bigla na lang may lumabas na tubig sa bulaklak! Nabasa ang mukha ng ale. Pero hindi siya nagalit—napangiti pa siya!



“Para po!” sabi ng kakaibang mama. Inabot niya sa akin ang bayad at isang lobo.

“Maraming salamat po!” sabi ko.




Tumingin ako sa bahay
na pinagbabaan niya—
maraming lobo at bata.
Mukhang may *party*!

Kakaiba talaga ang araw
na ito!

KAGAWARAN NG EDUKASYON
REPUBLIKA NG PILIPINAS

USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE